Poetry Series

# Jonas Buenaventura San Pedro
# - poems -

**Publication Date:**
2008

**Publisher:**

Poemhunter.com - The World's Poetry Archive

# Jonas Buenaventura San Pedro(November 22,1988)

Si Jonas Buenaventura San Pedro, dala ang sagisag panulat na 'D. Magsalita', ay ipinanganak sa bayan ng Malolos Bulacan, na kasalukuyang naninirahan sa Angat, Bulacan.Iniukol ng makata, pintor, manunulat, musiko at manggagawa ang kanyang buhay sa pag-susulat. Ang takbuhan ng kanyang panulat ay may impluencia ni Dr. Jose Protacio Rizal, ngunit bunga ng kanyang naiibang karanasan bilang obrero, nagkaroon ng ibang kulay at higit na makabuluhan ang paksa ng kanyang mga akda, tulad ng LOLA, Sa Aking Inang Bayan, at Tagalog. Siya ay hindi kilala sa larangan ng pagsulat, sapagka't sining ng pagguhit ang kanyang pinaunlad. Naabot lamang niya ang ika-apat na antas sa sekondarya at hindi nagkapalad na makatungtong sa isang dalubhasaan, kaya sa sariling pag-aaral lamang niya nililinang ang kanyang mga talento.

# Ang Pluma Ay Aking Dugo

Ang pluma ay aking dugo:
panulat ng isipan kong malikot, mapaglaro.
sa bawat taludtod na aking nabubuo,
sinong may kakayahang dito ay pumugto?
kay ingat kong hinahanay, ang mga salitang may kibo,
inilalagda sa pangarap ko'ng mga dahong ginto.

Ang takbo ng panulat ko'y, malungkot na daigdig.
tinatahak ng diwa ko'y, mga damdaming kay pait,
at ang mga may dusa, ay pinakalilirip,
sa loob ng silid kong, kaylungkot umawit,
na ang katahimikan'y naglalagos at umid,
at ang hapis ng bawat titik na nasulat
ay waring umiimik,
sa papel kong nalamukos na't
muntik nang magka punit-punit.

Ang bukal ng mga diwang
lagi na lamang nalilihim,
inihahayag ng damdamin ko
na lubhang kay lalim.
Sa aking panulat;
ang mga libingan'y, kaylimit kong hanapin,
doon sa mga pangarap kong
buntong-hininga ng hangin.

O! Sa di makabuluhang aking kinakatha,
sa imbi na simuno, na aking pinapaksa,
ang baliw kong kaisipang
nagpapakadalubhasa,
sa mga parirala't pangungusap na may tugma,
unti-unting nilalamon ng masidhi kong gunita,
itong hagdan ng buhay kong istoryang patula.

Ang pluma ay aking dugo,
tigmak ng luha sa bawat yugto.
O! Sa isipan kong malikot, mapaglaro,
lumilimbag parin ang sariling diwa,
sa sariwa kong dugo.

Jonas Buenaventura San Pedro

# Bugtong Ng Makata

Inakalang husay, ay di naakala,
kaliwa'ng inisip, sa kana't kaliwa,
lupa na nabuo, sa kapwa nya lupa,
simula nung una'y, saan ba nagmula?

Nag-iisip ako, at walang maisip,
pilit mang kutkutin, ay hindi mapilit,
nadinig ang hanging, minsa'y di marinig,
umimik kung minsa't, minsa'y di umimik.

Hirang na pinili, sa lahat ng hirang,
hagdan nung maakyat, ay hindi nahagdan,
minsan nang umulit, gayahin kung minsan,
inam na kanina, gayong di mainam.

hiningang malalim, ang biglang huminga,
sa likhang taludtod, na aking nalikha,
kalul'wang sumanib, sa kapwa kalul'wa,
gunitang sa akin'y, di ko magunita.

Sukat kong akala, ay aking nasukat,
ang ugat ng pantig, na dagling nag-ugat,
lakad ng sa titik, ay aking nilakad,
sapat na ang yari, gayong di pa sapat.

Jonas Buenaventura San Pedro

# Lola

Nakaratay....
dala ng kanyang katandaan at sakit,
naka bilanggo sa madilim at nanlilimahid na silid,
daming mga araw, ang anak nya'y ayaw lumapit,
mga kaibigan, kasama't kapatid,
walang nais makipag-ulayaw, kahit man lamang isang saglit,
mistulang pasyente na may nakahahawang sakit.

Pinandidirian, nilalayuan,
marahil ay dahil sa mapanghi nyang banig,
ngunit siya....
nananatiling walang imik,
bumubuka ang mga labi't wala ka namang maririnig.

Ang kaniang pagkain ay laging mapait,
minsan'y walang ulam, kundi kaning lamig,
ilang langaw narin, ang dumapong pilit,
sa pinggang nilalanggam at nanlilimahid.

Oo, itiniwalag siya,
sa kaniang dating mundong marikit,
at ngayon ng tumanda, ay itatapon nalang sa isang silid,
na ang higaan nya'y lumang papag na lumalangitngit,
na nalalatagan ng sanlaksang dusa't hinagpis.

Hayup! ang anak nyang hindi lamang inisip,
kung sino ang sa kania'y nag-aruga noong siya ay isang paslit,
o bakit sa kaniang ina, ang pag-ibig ay ipinagkait,
at sa ganoong kalagayan siya ay natitiis,
ginawang parang aso,
at sa kwarto'y nakapiit,
iitsahan ng pagkain,
sa may simientong malamig.

Ganoon na lamang ba?
ang pagtrato sa magulang mo'ng matanda?
ni hindi mo mahaplos,
ang kulubot nyang kamay at mukha,
nag bubulag-bulagan ka,
sa katotohanang iyong nakikita,
na ang matanda sa harap mo,
ay iyo ngang kakilala.

Siya ang iyong ina,
oo....
ina mo siya,
ang babae'ng dati'y hinihingan mo ng pera,
takbuhan kung may problema,
ngayon....
kung kailan sya nangangailangan ng kalinga,
saka naman wala.

Oo, naghihintay na lamang siya,
sa hininga nyang malapit nang mapatid,
sa pinaglagyan mong silid,
hanggang sa ang luha nya ay masaid.

Matatapos na rin,
ang mahaba'ng panahong pagtitiis,
sa laksang dusa't hinagpis,
mula sa kamay ng kaniang anak....
na hindi nakakikita't
nakaririnig.

Jonas Buenaventura San Pedro

## Republica De?

Hagase tu voluntad en la tierra,
Dividios emperad,
Volaba errante,
Sin descansar.

kayhirap ngang maging hangal, sa bayan kong niluluhog,
kayrami nanga ang sa amin, sa hirap ay nilulugmok,
bibig pa ay nabusalan, mata'y kadluan ng bubog,
ganyan nanga ang sistema, sa lupa kong nabubulok.

O bakin sa kahirapan, ano't tayo'y naalipin,
kayrami nang tumatangis, kayrami pang dumaraing,
sukdulan ang karapatan, naagaw at napasiil,
sukdulan na inihayag, ang karo mo sa'yong libing.

Ang tao sa luklukan mo, may mascarang balatkayo,
ang lahat mong kayamanan, kamal-kamal na binuslo,
ito nanga ang bansa ng manloloko't uto-uto,
Republikang naagnas, unti-unting natutuyo.

Ang sariling bandila, ay di mahawakan sa hiya,
kasarinlan baga ito'ng, igapos ng tanikala,
hindi ito ang nais ko'ng, ang buhay ay maralita,
kalayaan pala ito'ng, mga tao'y nagluluksa.

Magdusa ka o bayan ko, habang sila'y nagdiriwang,
iluha mo ang hirap mo'ng, kaylapit na sa libingan,
kawangis mo ang maraming, binaliw ng kahirapan
may takot na mabuhay pa't ang nais ay kamatayan.

Lumuha ka't sa dibdib mo'y pawiin nga yaring sakit,
magiting na hugutin nga, ang punyal dyan sa'yong dibdib,
luhaan mo yaon aba'ng, timawa sa iyong sahig,
tangisan mo ang bayan mo'ng, sa libingan'y nabubulid.

May araw ding hindi luha ang tutulo sa'yong mata,
kundi dugo'ng nagngangalit, ang guguhit sa'yong banga,
at kung sa araw ding yao'y, mawalan ka ng pandama,

bayaan nga na tanggapin ang sampal sa iyong mukha!

Jonas Buenaventura San Pedro

# Sa Aking Inang Bayan (Piesa Overtura De Sonata)

.Lupang Hinirang

O bayan kong binusilak, ng perlas ng silangangan
alanggaang yaring puso'ng sa dibdib mo'y bumubukal
kadluan ng magigiting; dalatang lupang hinirang
paggiyagis ng paglupig, ano't di ka pasasaan?

Sa dagat at mga bundok, sa samyo't langit na bughaw,
mayumi ang tula't awit sa paglayang minamahal.
Ang kislap ng watawat mo'y pasa rurok ng tagumpay,
ang bituin at araw nya'y kaylan may di maglalamlam.

O! sikatan ng araw, ng lualhati at pagsinta
sa piling mo'y anong langit, sukat naming iginhawa.
Aliw nga niring buhay, ang pang-aapi at pagdusta,
nahandog na yaring buhay, upang sayo'y tumimawa.

.Sa Aking Inang Bayan

Labis na pagdaralita'y, inukit sa kasaysayan,
may kanser na katangian ang lupa kong sinilangan,
ang lagay anong lubha't, kaylapit na sa libingan,
di maalis sa imfiernong nabubulok na higaan.

Ang sakit ay mamalasak, sa katawan ay nariin,
ang sugat mo'ng nagnanaknak, ano't hindi nga masaling,
ang tindig mo'y mabuay nga't mistulan kang mangulatding,
iyo nangang nadudungaw, ang hukay mo sa'yong libing.

Sa banig mo'y natatanghal, isang kanser panlipunan,
nangangambang maparool ang agnas mong kalusugan,
panglunas na anong galing ay akin ngang inaalam
bayaan ngang ilantad ka't sa bathala'y manawagan.

At tungo sa mithiing 'to sisikaping ilarawan
buong tapat walang kimi, ang iyo ngang kalagayan,

itataas yaring lambong na tabing sa karamdaman,
magdusa man mamighati, sapitin may kamatayan.

.Kasaysayan

Mula nga nang sa pagtuntong ng dayo sa iyong pulo
ano't bakin ang lipi mo'y wari baga'y nagkanulo?
hayon sila't biglang nasokang pagtanggap ay sandugo
paunlak ang iginawad, at marahan na payuko.

Yaon nanga ang simula; ang mitsa ng pagkasakop
ikaw nanga'y naging hangal sa pagpuri't sa pagsunod,
ang layon na sadyang dilim, anong pait mo'ng nilunok?
bawat bibig na dulingas ng kamuraha't pag-ayop.

Sa gitna n iyong dusa'ng walang himpil sa paghiyaw,
nabibingi ang puno mo'ng ang ginhawa'y kaulayaw,
at sa'yong pagkagapos, bibig mo ay binusalan
at maging ang panulat mo binakli ang pagsasaysay.

Sa tagal mo'ng pagka-kimi, dugo'y naglatang, nagliyab,
damdamin ay tumambuli, kulog, sigaw ang lumiad,
iyo nangang natutuhan ang paghawak nga sa tabak
iyo ngang pinakamithi ang laya mo na paglipad.

Di naglaon sa Mactan; unang sigaw ng kalayaan,
sunod-sunod na naputi, ang buhay sa kasaysayan,
ang GOMBURZA, , na binual sa Bagumbayan,
Katipunang Bonifacio, mga Luna at Del Pilar.

Ang landasin ng Tirad, maging sigaw sa Balintawak,
ang bayan ng Malolos, Fuerza Santiago'ng lumiwas,
an Mabini at ang Malvar, ang Jacinto at Jomapa's
at iba pang mga kawil ng ala-alang lumipas.

Nilagot ang tanikalang sa kalwang nag-uuling,
humigit-kulang; tatlong daan taong pagkaalipin.
Nakamit ang kalayaan sa banig ng panunupil,
tinupad ang mithiing sa dayuhan'y di pasisiil.

Itinuktok ang watawat; sagisag ng pagkalahi,
sa kanyang kulay na pulang tigmak ng dugong bayani,
sa puting 'sing dalisay ng mga hangarin at mithi,
at ang bughaw na pag-asang sa mahina'y nagpalindi.

.Pahimakas

O! sa ilang ng digmaang lagi sa aking gunita,
at ng dahil nga sa iyo, daming buhay ang nawala
ngunit aliw niring buhay; maalab ko'ng ninanasa
ang sa paghimlay na kandong doon sa banal mo'ng lupa.

Kung ikaw ay masapit, sa aba ko't ulilang libing,
at kung mayro'ng isang rosal na doon ay magsumupling
nawa'y hagkan mo't itaos, ang samyo ng halik sa'kin,
sa aking lupang himlayan, doon ay aking daramhin.

O! paalam na sa inyo, karugtong ng aking buhay,
sa'king mga kababata, sa'king lugmok na tahanan,
O! paalam na giliw ko; sa lahat ng nangariyan,
ang kamatayan nga'y isang uring pagpapahingalay.

Jonas Buenaventura San Pedro

## Tagalog

Guro ko...
huwag mo na po akong turuan,
ng ingles na wikang ayaw kong matutuhan,
ang lenguwaheng iya'y kinasusuklaman,
nitong aking dila't, mura kong isipan.
O! ang wikang iya'y gamit ng mayayaman,
ng mga palalo't, nag dudunong-dunungan.
alalaong baga'y, upang mapagsabihan,
na sila'y marurunong, at may pinag-aralan,
o! ingles na wikang kaysarap daw kung pakinggan,
a! sa aking tainga'y himig ng kataksilan.

Mula pa nu'ng pagkabata'y, tagalog ang pinanimula,
niyo'ng aking nanay, sa pagtuturo ng wika.
gamit ay ABAKADA'ng luma at sira-sira,
na siyang nag-panday sa baluktot kong dila.
sa aming kapit-bahay, na makain ma'y wala,
sa pakikipagtalastasan'y, tagalog ang s'yang salita.
sa aking kinalakhan'y, iisa ang winiwika,
at hindi nagpipilit, magsalita ng pa-isda,
na kaylaong malansa, lipas na at bilasa.
o bakit nga ba sa ngayo'y, ingles ang pinupunla?
a! iya'y maliwanag na sampal sa'king mukha.

O! aking guro, paumanhin,
kung hindi ko matanggap,
ang ingles na wika'ng hindi ko mapangarap.
sapat na ang sa amin'y, tagalog ang nalalasap;
ang wikang ginagamit naming lahat na mahirap.
kay'sa roon sa ingles, na wika ng mapag-pantas,
pikit-mata kung lumunok, balat-kayo kung gumanap.

Magalit man kayo, kung ayaw kong gamitin,
ang ingles na wika'ng, di ko man lamang masakim,
hanggang sa huling saknong, ay aking ididiin,
tagalog! ang winiwika, ng isang Pilipino'ng magaling.

Jonas Buenaventura San Pedro

# Tao

Ang tao: kaylaya kung siya ay mag-isip,
lahat na ng bagay, ay pinakalilirip,
dinudungkal ang lihim, ng lupa at himpapawid,
nais pang baguhin, ang hugis ng daigdig,
lawak ng karagatan, ay kania ng nasisid,
kulang nalang ay pumasok, sa loob ng panaginip.

Umalis ka sa larawang pinag-anyuan sa'yo ng Dios,
inapakan mo ang pinagmulang, maruming putik at alabok,
ninais mo maging ang langit, inakyat mo at inarok,
at doon sa kalawakan, isip mo ang tinuktok,
nguni ikaw ay nabigo, at nangag himutok,
dahil hindi mo nasilip, na ang sarili mo'y gawing Dios.

Oo, at nang ikaw nga ay maging Dios sa lupa mong pangarap,
ang ibon ay ginaya mo, ang nais mo ay lumipad,
pati nanga mga bakal, napasisid mo sa dagat,
o sadyang kaylawak na, ang naabot ng 'yong utak,
at maging ang mundo mo, ay muntik mo naring mawasak,
nang dahil sa utak mo'ng, tinubuan ng pak-pak.

Nang dahil din sa utak mo, nabago ang kasaysayan,
ang pagguho ng bundok, ikaw rin ang dahilan,
ikaw rin ang gumawa, ng lason sa katawan,
lason pa sa dagat, lason sa kalikasan.

at doon!
sa laboratoryo, na ginawa mo'ng timplahan,
ng sanlibro'ng pormulang, ang hatid ay kamatayan,
o sadyang kaytaas na, ng hawak mong kapangyarihan,
angkinin mo narin kaya, ang mithiing imortal,
at ang eksistensia mo, ay magpasawalang-hanggan.

O ngayon, masaya kana,
ikaw na ang manlilikha,
sa pagiging unggoy mo,
ngayon ay 'yong idinudura,
at ang tugon mo:
'sa nanay ko doon ako nagmula,

at doon sa sinasabi mong Dios na manlilikha,
di naman nakikita't, di dapat maniwala.'

(bakit?)

Dahil nung minsang ang kalawakan ay hinanapan mo ng simula,
ikaw nga ay nabigo't, pag-asa mo ay nawala,
at dahil ng hindi mo maabot, at wala kang napala,
nangiti ka nalamang, at ikaw ay natawa,
sapagka't naramdaman mo'ng isa ka lamang taong aba,
at ang dalawang paa mo'y, nakatuntong parin sa lupa,
at ikaw nga ay walang magawa...
at doon sa langit, ang kaya mo nalamang ay tumingala.

Jonas Buenaventura San Pedro